



# PATNUBAY SA MISA



6 Mayo 2018

Ika-6 na Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay

Taon B

## “Manatili sa Aking Pag-ibig at Kayo’y Mamunga”

**P**atuloy ngayong tinalakay ng Panginoong Hesus ang pakikipag-isa sa kanya bilang kundisyon upang magbunga ang kabanalan sa ating buhay. Binibigyang-diin niyang nasa pagtalima sa kanyang “Kautusang Magmahalan” ang praktikal na paraan ng pagpapatunay ng ating pakikiisa sa kanya upang tayo’y mamunga.

May kaugnayang nagbibigay-buhay sa pakikiisa kay Hesus at pagiging mabunga, pagiging mabunga at pagmamahalan, pagmamahalan at pagsunod sa mga Kautusan ng Diyos. Ang ipagdiriwang nating Eukaristiya ay isang tanda ng ating pakikiisa sa Panginoon at sa ating sari-sarili. Isa rin itong mabisang paraan ng pagpapatibay sa gayong pakikiisa kapag ipinahahayag natin ang Salita ng Diyos, lalo na sa sama-samang pagdarasal at pagtanggap ng Banal na Komunyon.



### PASIMULA



#### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Buong galak na ilahad upang marinig ng lahat ang ginawang pagliligtas ng Panginoong malakas. Aleluya ang ihayag!**

#### Pagbati

**P**—Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at pakikiisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

**B**—At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P**—Sa harap ng marami nating pagkukulang at paglabag sa kautusang magmahal sa kapwa, hilingin natin ang pagpapatawad ng

Panginoon at ang biyaya ng higit na katapatan. (Manahimik saglit.)

**P**—Panginoong Hesus, sa pamamagitan ng Apostol na si San Juan, itinuturo mo sa aming ang sinumang di magmahal ay walang pagkakilala sa Diyos. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**—Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**—Panginoong Hesus, sinugo ka ng Ama upang kami’y magtamo ng buhay sa pamamagitan mo. Kristo, kaawaan mo kami!

**B**—Kristo, kaawaan mo kami!

**P**—Panginoong Hesus, tinuruan mo kaming magmahalan gaya ng pagmamahal mo sa amin. Panginoon, kaawaan mo kami!

**B**—Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**—Amen!

### Papuri

**B**—Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

## Panalanging Pambungad

**P** –Ama naming makapangyarihan, gawin mong sa masasayang araw na ito ng aming pagdiriwang sa pagkabuhay ni Kristo, kami’y makaganap ng pagdiriwang na wagas upang ang aming ginugunita ay lagi naming matupad sa gawa, sa pamamagitan ni Hesu-kristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B** –Amen!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



**Unang Pagbasa** Gw 10:25-26.34-35.44-48

Ang pagpapabinyag ng senturyong Romanong si Cornelio at lahat ng kanyang kasama sa bahay ay isang natatanging palatandaan di lamang sa kanilang buhay, kundi sa kasaysayan man ng Simbahan. Sa kanyang pagbubukas ng pintuan para sa mga di-Judio, nagsimula ang Simbahan sa pagiging panlahat, anupa’t tahanan ng lahat ng bansa at kultura.

**L**– Pagpapahayag mula sa mga Gawa ng mga Apostol

Sinalubong ni Cornelio si Pedro at nagpatirapa sa harapan nito at sumamba. Ngunit sinabi ni Pedro, “Tumindig kayo. Ako’y tao ring tulad ninyo.

Ngayon ko lubusang natanto na walang itinatangi ang Diyos. Nalugod siya sa sinumang may takot sa kanya at gumagawa ng matuwid, kahit saang bansa.”

Nagsasalita pa si Pedro nang bumaba ang Espiritu Santo sa mga nakikinig ng salita. Namangha ang mga mananampalatayang Judio na kasama ni Pedro, sapagkat ang mga ito ay pinagkalooban din ng Espiritu Santo. Narinig nila ang mga Hentil na nagsasalita sa iba’t ibang wika at nagpupuri sa Diyos.

Kaya’t sinabi ni Pedro, “Tulad natin, sila’y pinagkalooban din ng Espiritu Santo. Sino pa ang makahadlang na binyagan sila sa tubig?” At iniutos niyang binyagan sila sa pangalan ni Hesu-kristo. Pagkatapos, hiniling nila kay Pedro na manatili roon ng ilang araw.


Ang Salita ng Diyos!

**B** –Salamat sa Diyos!

## Salmong Tugunan Awit 97

**B**–Panginoong nagliligtas sa tanang bansa’y nahayag!

R. M. Velez



\* Umawit ng bagong awit at sa Poon ay ialay, pagkat yaong ginawa n’ya ay kahanga-hangang tunay! Sa sariling lakas niya at taglay na kabanalan, walang hirap na natamo yaong hangad na tagumpay. **B**.

\* Ang tagumpay niyang ito’y siya na rin ang naghayag, sa harap ng mga bansa’y nahayag ang pagliligtas. Ang pangako sa Israel, lubos niyang tinutupad. **B**.

\* Tapat siya sa kanila at ang pag-ibig ay wagas. Ang tagumpay ng ating Diyos kahit saan ay namalas! Magkaingay na may galak, yaong lahat sa daigdig; ang Poon ay buong galak na purihin sa pag-awit! **B**.

## Ikalawang Pagbasa 1 Jn 4:7-10

*Ipinaaalaala sa atin ngayon ni Apostol San Juan ang mahalagang ugnayan ng tunay na pagmamahal at pagkakilala sa Diyos. Binibigyang-diin din dito na si Hesus ang pinakadakilang tanda ng pagmamahal ng Ama sa atin.*

**L** –Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Juan

Mga pinakamamahal: Mag-ibigan tayo sapagkat mula sa Diyos ang pag-ibig. Ang bawat umiibig ay anak ng Diyos, at kumikilala sa Diyos. Ang hindi umiibig ay hindi kumikilala sa Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig.

Inihayag ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang suguin niya ang kanyang bugtong na Anak upang magkaroon tayo ng buhay sa pamamagitan niya.

Ito ang pag-ibig: hindi sa inibig natin ang Diyos kundi tayo ang inibig niya at sinugo ang kanyang Anak upang maging handog sa ikapagpapatawad ng ating mga kasalanan.

Ang Salita ng Diyos!

**B** –Salamat sa Diyos!

## Aleluya

Jn 14:23

**B** –Aleluya! Aleluya!

Ang sa aki’y nagmamahal, tutupad sa aking aral, Ama’t ako’y mananahan. Aleluya! Aleluya!

## Mabuting Balita Jn 15:9-17

*Sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, ang mga sumasampalataya ay nagiging bahagi ng kadena ng pagmamahal na nagbubuklod sa Ama at kay Hesus, kay Hesus sa kanyang mga disipulo, at ng mga disipulo sa isa’t isa.*

**P**– Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

**B**– Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: “Kung paanong iniibig ako ng Ama, gayon din naman, iniibig ko kayo; manatili kayo sa aking pag-ibig.

Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, mananatili kayo sa aking pag-ibig; tulad ko, tinutupad ko ang mga utos ng aking Ama at ako’y nananatili sa kanyang pag-ibig. Sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito upang makahati kayo sa kagalakan ko at malubos ang inyong kagalakan. Ito ang aking utos: mag-ibigan kayo gaya ng pag-ibig ko sa inyo.

Walang pag-ibig na hihigit pa sa pag-ibig ng isang taong nag-aalay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan. Kayo’y mga kaibigan ko kung tinutupad ninyo ang mga utos ko. Hindi ko na kayo inaaring alipin, sapagkat hindi alam ng alipin ang ginagawa ng kanyang panginoon. Sa halip, inaari ko kayong mga kaibigan, sapagkat sinabi ko sa inyo ang lahat ng narinig ko sa aking Ama.

Hindi kayo ang pumili sa akin; ako ang pumili at humirang sa inyo upang kayo’y humayo at mamunga, at manatili ang inyong bunga. Sa gayon, ang anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay ipagkakaloob sa inyo.

Ito ang iniutos ko sa inyo: mag-ibigan kayo.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B** –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesu-kristo!

## Homiliya

### Sumasampalataya

**B**–Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

**P** – May saysay lamang ang ating buhay kapag ito’y tinatampukan ng pagmamahalang tulad ng pagmamahal ng Banal na Santatlo para sa atin. Nakababatid sa kahalagahan ng ganitong kaloob, manalangin tayo sa Panginoon:

**B** – **Diyos ng pag-ibig, dinggin ang aming panalangin!**

\* Para sa lahat ng Kristiyano: Nawa sa kanilang pagmamahal kay Hesus, makatagpo sila ng inspirasyong magmahalan tulad ng kanyang iniutos at magsikap para sa pagkakaisang idinalangin ni Hesus. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa Santo Papa at lahat ng Obispo: Nawa manatili silang nagkakaisa sa bukid ng pagmamahalan kung paanong si Hesus ay kaisa ng Ama. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa lahat ng tao sa mundo: Nawa maunawaan nilang tanging sa pangkapatirang pagmamahalang gaya ng kay Kristo, makapagtatamo sila ng tunay na pagsulong at pangmatagalang kapayapaan. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa ating pamayanan at sa lahat ng bumubuo rito: Nawa magsikap tayong mapalago ang pangkapatirang pagmamahalan sa pamamagitan ng pagsugpo sa pagkamakasarili at lahat ng anyo ng di katapatan. Manalangin tayo! **B.**

\* Para sa lahat ng mananampalatayang nagdiriwang ng *Flores de Mayo* sa karangalan ni Mariang Kabanal-banalan: Nawa tumulad sila sa katapatan at kalinisan ng pagmamahal para sa lahat ng ating Mahal na Birheng Ina. Manalangin tayo! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P** – Panginoong Hesus, nawa lahat ng aming gawa’y maging mapagmahal at alang-alang sa pagmamahal, at sa gayo’y papanaigin sa lupa ang pagmamahal na nagbubuklod sa iyo sa Ama at sa Espiritu Santo magpakailanman. **B** – Amen!



**P** – Manalangin kayo . . .

**B** – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

**P** – Ama naming Lumikha, paakyat mo sa iyong piling sa kalangitan ang aming mga panalanging kalakip ng haing mga alay, upang ang mga pinagindapat mong gawing dalisay ay maging marapat na makasalo sa piging ng iyong pagmamahal, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B** – Amen!

### Prepasyo ng Pagkabuhay V

**P** – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Ang katawan ng Anak mong sa krus nabayubay ay handog ng pag-ibig na walang kapantay. Ito ang paghahaing ganap mong kinalugdan. Ito ang nilungati ng dating pag-aalay. Ang buong sarili ng Anak mong si Hesus ay inihain sa iyo upang kami’y matubos. Siya ang dambana at paring naghahandog. Siya pa rin ang tupang handog na ibinukod.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B** – Santo, santo, santo . . .

### Pagbubunyi

**B** – Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



**B** – Ama namin . . .

**P** – Hinihiling namin . . .

**B** – **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

#### Paghahati-hati sa Tinapay

**B** – Kordero ng Diyos . . .

#### Paanyaya sa Pakikinabang

**P** – Ito ang Panginoong Hesus, ang pinakadakilang tanda ng pag-ibig ng Diyos para sa atin. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B** – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

#### Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

**Kung ako ay mamahalin, mga utos ko’y tutupdin at sa inyo’y susuguin, Patnubay sa inyong piling. Aleluya ay awitin!**

### Panalangin Pagkapakinabang

**P** – Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa pagkabuhay ng iyong Anak ay papakinabangin mong lagi sa kanyang lakas bilang bungang masagana ng dulot mong pagliligtas, sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B** – Amen!



**P** – Sumainyo ang Panginoon.

**B** – At sumaiyo rin!



**P** – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

Sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ng Kanyang Anak, tinubos kayo ng Diyos at hinirang kayong maging Kanyang mga anak. Puspusin Niya nawa kayo ng kagalakan.

**B – Amen!**

**P** – Pinagkalooban kayo ng Manunubos ng ganap na kalayaan. Magtamo nawa kayo ng buhay na walang hanggan.

**B – Amen!**

**P** – Sa pananampalataya, bumangon kayong kasama ni Hesus sa bautismo. Maging banal nawa ang mga buhay ninyo upang kayo’y makasama niya magpakailanman.


**B – Amen!**

**P** – Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B – Amen!**

**P** – Tapos na ang Misa. Humayo kayo sa kapayapaan.

**B – Salamat sa Diyos!**



Ang pagsasalaysay sa komiks ng mga Pagpapakita ni Maria sa Fatima sa *Filipino manga style.*

**Karagdagan:**

- isang bahagi ng pagdodokumentaryo ng mga Mensahe at Lihim ng Fatima,
- sa *Alliance of Billions of Hearts* at
- sa debosyon sa Unang Limang Sabado

Mabibili na ngayon sa  
Word & Life Publications  
#894-5401/02 o 894-5241

## ANG PAG-IBIG NA NAGBUBUKLOD AT NAMUMUNGA

**M** ayroon tayong likas na pagkamakasarili – isang di maipagkakamaling tanda ng malalim na sugat na iniwan sa lahat ng inapo ni Adan sa pamamagitan ng orihinal na pagkakasala; isang sugat na patuloy na nakanganga sanhi ng mga kasunod na kasalanan. Kaya nga, malimit tayong natutuksong maging mapusok, nadadala ng ating kapalaluan at iba pang mabababang simbuyo. May ilang ang tingin sa kapwa ay kakumpitensiya at kalaiban, sa halip na kapatid na dapat pahalagahan at mahalina.

Malinaw, nananatili pa rin sa atin ang “dating sarili” natin, kasama ng mga positibong hangaring bunga ng mabuting pagpapalaki, kapaligirang nakatutulong, at lalo na ng pananatili ng Banal na Espiritu sa atin.

Kaiba sa ating buhay, ang kay Kristo ay tinatampukan ng PAG-IBIG; isang pag-ibig na sunod sa pag-ibig ng Ama (*sangguniin Jn 15:9 at Jn 4:9-10*), at umabot sa sukdulang pagpapakilala sa krus, nang siya’y mamatay, “ang walang kasalanan para sa mga makasalanan” (*1 Ped 3:18*), bilang sakripisyong alay para sa ating mga kasalanan. (*Sangguniin 1 Jn 4:10.*)

Sa lahat niyang mga tagasunod – sa atin – isa lamang ang kanyang panawagan: “Mag-ibigan kayo gaya ng pag-ibig ko sa inyo” (*Jn 15:12*). Kaya nga, ang pag-ibig natin sa ating kapwa, upang maging tunay, ay dapat na maging tulad ng kay Kristo, anupa’t nakaugat sa pag-ibig ng Ama, walang hanggan, walang kundisyon, lubos, handa para sa sukdulan mang sakripisyo, pagkat “walang pag-ibig na hihigit pa sa pag-ibig ng isang taong nag-aalay ng buhay para sa kanyang mga kaibigan.” (*Jn 15:13*)

Ganito ang pag-ibig na nagbubuklod sa atin sa Diyos – sa pamamagitan ni Hesus – at sa ating kapwa. Ito ang uri ng pag-ibig na nagbubunga ng habag, pagpapatawad, pakikipag-isa, paggalang, pagtanggap, ginhawa, kagalakan, at kapayapaan. Alam ng bawat isa sa atin kung gaano kahirap ang magmahal nang gayon at sa lahat ng oras. Gayunman, sa gayon tayo tinatawag kung nais nating magpatotoo kay Kristo at sa kanyang muling pagkabuhay.

Sa tuwina nating pagsusumikap na mapaglabanan ang pagkamakasarili, kapusukan, at kasakiman sa pamamagitan ng ating masusuyong saloobin, salita, at gawa, uunlad tayo sa kamalayang may dakilang nilikha sa atin ang biyaya ng Diyos. Tayo ang “bagong henerasyon ng kalalakhian/kababaihang” nilikhang kalarawan ng Diyos, salamat kay Kristong ipinako sa krus at muling nabuhay. (*Sangguniin Ef 4:24.*)

At ang ating pag-uugali ay magiging buhay na katibayan ng katunayan at panlahat na bunga ng muling pagkabuhay ni Kristo. Sa pamamagitan ng ating pag-ibig at pag-ibig ng ating kapwa, mapagtitibay nating ang “kabaguhan ng buhay” na hatid ni Hesus ay hindi isang mito, kundi isang katunayan. Makikita rin nating ang muling pagkabuhay na ito ay hindi lamang isang pangyayaring nakalipas na tungkol lamang sa kanya, kundi isang patuloy na nananatiling kapangyarihang muling bumubuo sa bawat tao buhat sa loob, nagpapabago sa kanya buhat sa isang marupok na makasalanan at pagiging isang malakas na anak ng Diyos na nabubuhay alinsunod sa kautusan ng pangkapatirang pagmamahal.



**WORD & LIFE  
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: [www.wordandlife.org](http://www.wordandlife.org)

• E-mail: [marketing@wordandlife.org](mailto:marketing@wordandlife.org); [wordandlifepublications@gmail.com](mailto:wordandlifepublications@gmail.com) • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, G. Ramos, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco and T. Mojica • Circulation: R. Saldua